
# Paghahanda para sa Pangkalahatang Kumperensya

Nang dalawin ni Jesucristo ang mga Nephita, inanyayahan Niya silang ihanda ang kanilang isipan na pakinggan at unawain ang Kanyang mensahe (tingnan sa 3 Nephi 17:3). Isipin kung ano kaya ang magiging karanasan mo sa pangkalahatang kumperensya kung ganoon din ang ginawa mo.

1. Pag-aralan ang sumusunod na resources, at alamin ang mga paraan na maihahanda mo ang iyong sarili sa pagtanggap ng mga mensahe ng Panginoon sa pangkalahatang kumperensya. Maaari mong markahan ang mga makabuluhang salita at parirala na pinakanapansin mo.

   Mosias 2:9; Doktrina at mga Tipan 88:63

   Itinuro ni Pangulong Russell M. Nelson:



Mula sa pulpitong ito ngayon at bukas, patuloy kayong makaririnig ng katotohanan. Itala sana ninyo ang mga kaisipang nakakakuha ng inyong pansin at ang mga pumapasok sa inyong isipan at namamalagi sa inyong puso. Mapanalanging hilingin sa Panginoon na pagtibayin na ang narinig ninyo ay totoo. (Russell M. Nelson, "Ano ang Totoo?," *Liahona*, Nob. 2022, 30)

Itinuro ni Pangulong Henry B. Eyring ng Unang Panguluhan:



Kilala ko ang mga tagapaglingkod ng Diyos na magsasalita sa inyo sa kumperensyang ito. Sila ay tinawag ng Diyos upang magbigay ng mga mensahe sa Kanyang mga anak. Sinabi ng Panginoon sa kanila: "Kung ano ang sinabi ko, ang Panginoon, ay sinabi ko, at hindi ko binibigyang-katwiran ang aking sarili; at bagaman ang kalangitan at ang lupa ay lilipas, ang aking salita ay hindi lilipas, kundi matutupad na lahat, maging sa pamamagitan ng sarili kong tinig o sa tinig man ng aking mga tagapaglingkod, ito ay iisa" [Doktrina at Mga Tipan 1:38].

Ipinapakita ninyo ang inyong tiwala sa Kanya kapag nakikinig kayo taglay ang hangaring matuto, magsisi, at pagkatapos ay humayo at gawin kung anuman ang hinihiling Niya. Kung sapat kayong nagtitiwala sa Diyos at pakikinggan ang Kanyang mensahe sa bawat sermon, awitin, at panalangin sa kumperensyang ito, matatagpuan ninyo ito. At kung hahayo kayo at gagawin ang ipinagagawa Niya sa inyo, lalaki ang kapangyarihan ninyong magtiwala sa Kanya, at darating ang panahon na mapupuspos kayo ng pasasalamat na malaman na napagkatiwalaan na Niya kayo. (Henry B. Eyring, "Magtiwala sa Diyos, Pagkatapos ay Humayo at Gumawa," *Liahona*, Nob. 2010, 73)

Itinuro ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf, na noon ay kabilang sa Unang Panguluhan:



Habang naghahanda kayo para sa pangkalahatang kumperensya, inaanyayahan ko kayong pag-isipan ang mga tanong na kailangan ninyong masagot. Halimbawa, maaari ninyong hangarin ang patnubay at gabay ng Panginoon hinggil sa mga hamong kinakaharap ninyo.

Ang mga sagot sa inyong mga partikular na panalangin ay maaaring tuwirang magmula sa isang partikular na mensahe o mga kataga. May mga pagkakataon naman na maaaring dumating ang sagot sa tila walang kaugnayang salita, mga kataga, o awitin. Ang pusong puspos ng pasasalamat para sa mga pagpapala ng buhay at ang marubdob na hangaring pakinggan at sundin ang mga payo ang maghahanda ng daan para sa personal na paghahayag. (Dieter F. Uchtdorf, "Pangkalahatang Kumperensya—Hindi Ordinaryong Pagpapala," *Liahona*, Set. 2011, 4)

2. Mula sa napag-aralan mo, gumawa ng listahan ng mga paraan na makapaghahanda kang pakinggan ang tinig ng Panginoon sa pangkalahatang kumperensya.

3. Ilista ang ilan pang paraan na makapaghahanda kang pakinggan ang tinig ng Panginoon sa pangkalahatang kumperensya.

ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW

© 2024 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. PD80007812_893_541-1